**SAMPOL,** sanggunian lamang ang pahinang ito.

Call Center ng EDD
PO Box
LUNGSOD CA ZIP CODE

Employment Development Department
State of California

Petsa ng Pagpapadala: 00/00/0000

Para sa Opisyal na Paggamit Lamang: 000000000

# Ng Telepono ng Claimant: (000) 000-0000

PANGALAN NG CLAIMANT
ADDRESS NG CLAIMANT
LUNGSOD CA ZIP CODE

MGA NUMERO NG TELEPONO NG EDD:

| | |
|---|---|
| Ingles | 1-800-300-5616 |
| Espanyol | 1-800-326-8937 |
| Cantonese | 1-800-547-3506 |
| Mandarin | 1-866-303-0706 |
| Vietnamese | 1-800-547-2058 |
| TTY (hindi voice) | 1-800-815-9387 |
| website: | **www.edd.ca.gov** |

## PAUNAWA NG PAGHAIN NG CLAIM PARA SA SEGURO SA PAGKAWALA NG TRABAHO (UNEMPLOYMENT INSURANCE)

Naghain ka ng claim para sa mga benepisyo ng Seguro sa Pagkawala ng Trabaho (UI, Unemployment Insurance) epektibo sa 00/00/0000. Noong naghain ka ng claim, isinaad mo:

1. Ang huli mong employer ay si: Pangalan ng Employer:
   Address Lungsod,
   Estado at Zip Code ng Employer

2. Ang huling araw na nagtrabaho ka para sa employer na iyon ay noong 00/00/0000.

3. Ang dahilan na hindi ka na nagtatrabaho para sa employer sa itaas ay: (Ibinigay na dahilan noong naghain ka ng claim).

4. (Ikaw ay/Ikaw ay hindi) tumatanggap ng pensyon o iba pang kita na maaaring ibawas sa iyong mga benepisyong UI.

5. (Ikaw ay/Ikaw ay hindi) maaari at available para tumanggap ng full-time na trabaho.

6. Ikaw ay (mayroong/walang) legal na karapatang magtrabaho sa Estados Unidos.

Mangyaring pag-aralang mabuti ang impormasyon sa itaas. Wala kang kailangang gawin kung tama ang impormasyon. Itinuturing ng EDD na tama ang impormasyong ito maliban kung nag-ulat ka ng iba pang impormasyon sa loob ng 10 (sampung) araw mula sa petsa ng pagpapadala ng paunawang ito. Anumang sagot pagkatapos ng 10 araw ay maaaring magresulta sa pagkaantala ng mga benepisyo. Para mag-ulat ng iba pang impormasyon, maaari kang tumawag sa EDD o ipadala ang iyong sagot sa address ng EDD sa itaas. Huwag kalimutang isama ang iyong pangalan at numero ng Social Security sa lahat ng komunikasyon sa EDD.

Bagaman ipinagbabawal sa mga batas na pederal at ng estado ang pagsisiwalat ng impormasyon tungkol sa trabaho mo at sa iyong UI claim sa iyong asawa, mga kamag-anak, mga kaibigan, mga partidong walang kaugnayan, at mga grupong may pribadong interes, iniaatas ng pederal na lehislasyon na ang naturang impormasyon ay gawing makukuha ng mga ahensyang tagapagpatupad ng estado at pederal na pamahalaan para sa kapakanan, medikal na tulong, CalFresh (dating food stamp), pabahay, at suporta sa bata. Responsibilidad ng mga ahensya ang kumpidensyalidad sa paggamit ng impormasyon.

Mayroon kang opsyong kanselahin ang regular na UI claim sa California (sumangguni sa Paunawa ng Paggawad ng Seguro sa Pagkawala ng Trabaho (Unemployment) para sa mga iniaatas sa pagkansela). Kung talagang nagpasya kang gusto mong kanselahin ang iyong claim, **huwag magsertipika para sa mga benepisyo** dahil sa oras na mabayaran ka ng iyong mga benepisyo, hindi ka pahihintulutan ng batas na kanselahin ang iyong claim.

Ang mga kabayarang benepisyo ay iniisyu sa EDD Debit Card[SM]. Kailangan mong sumangguni sa iyong handbook ng Gabay sa mga Benepisyo at mga Serbisyo sa Trabaho (Guide to Benefits and Employment Services) para sa impormasyon tungkol sa EDD Debit Card[SM]. Kung inisyuhan ka dati ng card at kailangan itong palitan, kailangan mong kontakin ang walang bayad na Serbisyo sa Customer para sa EDD Debit Card ng Bank of America sa 1-866-692-9374.